# Walang pagkahawa at kamalasang nakaugnay. Nagpapahanga sa akin ang minamabuting turing." Nagsabi sila: "Ano po ang minamabuting turing?" Nagsabi siya: "Ang salitang kaaya-aya."}

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang pagkahawa at kamalasang nakaugnay. Nagpapahanga sa akin ang minamabuting turing." Nagsabi sila: "Ano po ang minamabuting turing?" Nagsabi siya: "Ang salitang kaaya-aya."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pagkahawa – na pinaniniwalaan ng mga kampon ng Kamangmangan na ang karamdaman daw ay lumilipat sa pamamagitan ng sarili nito papunta sa iba nang walang pagtatakda ni Allāh – ay isang kabulaanan; at na ang kamalasang nakaugnay ay kabulaanan. Ito ay ang pagtuturing ng kasamaan sa alinmang bagay maging naririnig man o nakikita gaya ng mga ibon o mga hayop o mga may kapansanan o mga numero o mga araw o iba pa rito. Binanggit lamang niya ang ibon dahil ito ay ang napatanyag noon sa ganang Panahon ng Kamangmangan. Ang pinag-ugatan nito ay ang pagpapawala ng ibon sa sandali ng pagsisimula sa isang gawain gaya ng paglalakbay o pangangalakal o iba pa rito. Kung lumipad ang ibon sa dako ng kanan magtuturing ng kabutihan at magpapatuloy sa ninanais. Kung lumipad naman ito sa dako ng kaliwa, magtuturing ng kasamaan at magpipigil sa ninanais. Pagkatapos nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagpapahanga sa kanya ang minamabuting turing (optimismo). Ito ay ang anumang nangyayari sa tao na pagkatuwa at pagkagalak mula sa isang kaaya-ayang salitang naririnig niya at gumagawa sa kanya na nagpapaganda ng palagay sa Panginoon niya.

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3422